

# Teacher's Guide Intermediate 1

## Aralin 1 Ang Diyos Ang Ating Manlilikha

Totoo: Ang lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti. Ito ay nakapag-bigay kasiyahan sa Kanya. Reference: Genesis 1

Mabuti: Alagaan at pagyamanin ang lahat Niyang nilikha.

Tama: Pangalagaan at ingatan ang sarili sapagkat tayo ay nilikha ng Diyos.

- A. Panalangin. Matapos manalangin ay ihanda ang mga bata sa Aralin. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod na mga aralin.)
- B. Motivation. Tanungin ang mga bata kung ano ang paborito nilang hayop. Kung wala sila nito at may magbibigay sa kanila bilang pet, paano nila ito aalagaan.
- C. Bible story: **Ang Paglikha (Genesis 1)**

Noong unang panahon, ang mundo ay wala pang anyo at madilim pa. Kaya nang unang araw ay nilikha ng Diyos ang liwanag. Hiniwalay Niya ang liwanag at tinawag niya itong araw at ang dilim ay tinawag Niyang gabi.

Sa pangalawang araw ay nilikha Niya ang kalangitan. Sa pangatlong araw, ibinukod Niya ang tubig upang lumitaw ang tuyong lupa. Sinabi rin Niyang magkaroon ng mga halaman at mga punongkahoy. Sa pang-apat na araw ay nilikha ng Diyos ang mga tanglaw sa langit na tinatawag nating araw upang magbigay liwanag sa umaga at buwan at mga bituin upang magbigay liwanag sa gabi. Sa pang-limang araw nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay na nabubuhay sa tubig katulad ng mga isda at lahat ng nabubuhay sa himpapawid katulad ng mga ibon. Sa pang-anim na araw nilikha ng Diyos ang lahat ng uri ng hayop na lumalakad sa lupa.

Sa araw din na ito ay nilikha Niya ang tao ayon sa Kanyang wangis. Sa bawat araw ng Kanyang paglikha, nakita ng Diyos na ito ay mabuti at ang lahat ng Kanyang nilikha ay nagbigay kasiyahan sa Kanya. Sa ika-pitong araw, ang Diyos ay nagpahinga at ang araw na ito ay Kanyang pinagpala.

- D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook. Ipaliwanag ng husto ang gagawin ng mga bata. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin)

- E. Familiar Story

### ***May Hihigit pa Kaya?***

Nagkukuwentuhan ang mga magkakaibigang sina Chesca, Toni, Karl at Chris sa hardin ng kanilang eskuwelahan.

Karl: Ang galing ng nanay ko kasi iba't ibang klase ng bulaklak ang itinanim niya sa bakuran namin.

Chris: Mas magaling ang mommy ko. Nilagyan pa niya ng maliit na palaisdaan ang hardin namin.

Toni: Walang tatalo sa hardin na alam ko. Ang Hardin ng Eden. Ang Diyos ang Maylikha nito kaya talagang ma-ganda.

Sumagot ang tatlo ng sabay-sabay: Tama ka dyan, kaya lang hindi natin ito makikita sa ngayon.

- F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang kuwento.

- Bigyang diin na ang Diyos ang may likha ng lahat at ito ay mabuti at ang lahat ng nilikha ng Diyos ay nakapagbigay kasiyahan sa Kanya, marapat lamang na bilang mga nilikha Niya, tayo ay dapat na tumulong sa pagpapanatili ng kagandahan at kaayusan ng Kanyang mga nilikha upang ito ay patuloy na makapagbigay kasiyahan sa Kanya.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang Hardin ng Eden ay nilikha ng Diyos upang maging halimbawa na tularan natin. Ang buong kalikasan ay nilikha ng Diyos. Ibinigay Niya sa atin ito upang ating pakinabangan ngunit kaakibat nito ay ang responsibilidad na pangalagaan at pagyamanin.
- Tayo ay nilikha ng Diyos, bilang mga tanging likha Niya, dapat din nating pangalagaan ang ating mga katawan o sarili. (Tanungin ang mga bata kung paano nila pina-pangalagaan ang kanilang mga sarili.)

#### H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Ang malusog at maayos na pangangatawan ay makapagbibibay kasiyahan sa Diyos.

##### Pangangalaga sa Tainga

- Kahalagahan - Ang tainga ay mahalagang bahagi ng katawan. Ito ang ginagamit natin upang makarinig ng iba't-ibang tunog at upang mapakinggan ang taong kausap natin.
- Paraan:
  1. Linisin ang bandang unahan ng tainga dalawang beses isang linggo.
  2. Huwag gumamit ng matutulis na bagay sa paglilinis ng tainga.
  3. Iwasang makinig ng music ng malakas gamit ang earphones o headphones

#### I. Homework.

1. Ipaliwanag ng maayos ang homework sa kanilang work-book. Sabihin sa kanila na maaari silang magpatulong sa kanilang magulang.
2. Ipasaulo sa kanila ang 1 Timothy 4:4 – Sapagkat lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti, at walang dapat tanggihan kung tinatanggap na may pasasalamat. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin at ipasaulo ang verse na makikita every after lesson)

J. Magwakas sa isang panalangin. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin. Laging magwakas sa isang panalangin)

### **Aralin 2 Ang Diyos Ang Ating tagapagligtas**

Totoo: Ang Panginoon ang mag-iingat at magpoprotekta sa atin sa anumang kapahamakan.  
Reference: Psalm 121:7

Mabuti: Magtiwala na ang Diyos ang magpoprotekta sa iyo.

Tama: Matutong makinig at sumunod sa payo ng mga magulang at ibang nakatatanda sa atin.

B. Motivation. Magpakita ng larawan ng police. Ano ang kanilang gagawin kapag nakakita sila ng police? Tanungin ang mga bata kung kilala ba nila kung sino ang nagbibigay proteksyon sa kanila araw-araw.

#### C. Bible story: **Ang Malaking Arko ni Noah (Genesis 6:9-7:17)**

Si Noah ay taong napakalapit sa Diyos. Nang mga panahong iyon, si Noah lang ang natitirang

sumusunod sa utos ng Diyos. Lahat ay namumuhay ng masama. Inutusan ng Diyos si Noah na gumawa ng malaking arko, sinabi Niya na magpapadala Siya ng malaking baha at ang pamilya lang niya ang maliligtas. Kasama ang mga anak na sina Ham, Sem at Jafet binuo nila ang arko ayon sa mga sukat at disenyo na ibinigay ng Diyos.

Nang matapos ang arko, pumasok si Noah kasama ang kanyang pamilya. Kasama din niya ang isang pares ng iba't ibang uri ng hayop at ibon ayon sa bilin ng Diyos.

Bumuhos ang ulan sa loob ng apatnapung araw. Tumaas nang tumaas ang tubig. Makalipas ang 150 araw, pinalabas ng Diyos sina Noah mula sa arko. Bilang tanda sa pangakong hindi na gugunawin ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng baha, pinalitaw Niya ang isang bahaghari.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

### ***Nakakatakot***

Si Joanne ay magsasampung taong gulang na nang isama ni Nanay sa probinsya. Excited si Joanne sapagkat ito ang unang pagkakataon na siya ay sasakay ng barko.

Nang ang barko ay nasa kalagitnaan na ng dagat, biglang sumama ang panahon. Lumakas ang hangin at ang alon sa dagat. Takot na takot si Joanne.

*Joanne:* 'Nay, baka lumubog ang barko!

Mahigpit ang pagkakayakap niya sa ina.

*Nanay:* 'Wag kang matakot anak. Ang Diyos ang mag-iingat sa atin. Magtiwala tayo sa Kanya.

Laking pasasalamat ng mag-ina sa Diyos nang makarating na ang barko sa pier. Nang pababa na sila, nakita niya agad sina lolo at lola na kumakaway-kaway sa kanila.

F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na mahalaga na sumunod sa Diyos upang hindi mapahamak. Siya ang ating tagapagligtas mula sa kapahamakan.

G. Mabuting Mamamayan.

- Bigyang diin sa mga bata na sa tuwing makakaharap sila ng panganib ay kailangang sila ay palaging magtiwala sa Diyos na ito ang mag-iingat sa kanila. Manalangin at humingi ng tulong na sila ay ilayo sa kapahamakan at magtiwalang ito'y mangyayari sa tulong ng Diyos.
- Ang ating mga magulang at ibang nakatatanda sa atin ay ginagamit ng Diyos upang tayo ay paalalahanan at iiwas mula sa anumang kapahamakan. Mahalaga ang sumunod sa kanila, sa kanilang mga paalala upang maging ligtas.

### **Aralin 3 Ang Diyos Ang Ating Gabay**

Totoo: Ang Diyos ang nagbibigay ng direksyon sa ating buhay at gumagabay sa atin sa tamang daan.

Reference: Psalm 32:8

Mabuti: Basahin ang salita ng Diyos.

Tama: Alamin at sundin ang mga alituntunin na binibigay sa iyo ng mga nakatatanda o mga leader.

B. Motivation. Hilingin sa mga bata na magbigay ng isang rule na kanilang sinusunod sa tahanan.

Tanungin sa kanila kung ano ang epekto ng pagsunod at hindi pagsunod dito. (Pakinggan ang

kanilang sagot.)

C. Bible story: **Ang Gabay ni Abraham (Genesis 12:1-17)**

Noong unang panahon, kinausap ng makapangyarihang Diyos si Abraham nang siya ay nakatira pa sa bayan ng Ur.

*Diyos: Iwan mo ang iyong lupain at mga kamag-anakan; pumunta ka sa lupaing ituturo ko sa iyo.*

Kaya si Abraham ay umalis sa bayan ng mga Caldeo at nanirahan sa bayan ng Haran kasama ang kanyang asawa at buong sambahayan.

Hindi alam ni Abraham kung saan siya pupunta pero ang Diyos ang nagbigay sa kanya ng direksiyon. Nakinig at sumunod lang si Abraham sa sinabi ng Diyos habang sila ay patuloy na naglalakbay.

Sa takdang panahon dumating sila sa destinasyon na nasa isipan ng Diyos at doon silang lahat namalagi ayon sa kalooban ng Diyos.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Nakinig at Sumunod si May***

Isinama ni Nanay si May sa isang bagong shopping mall sa kanilang lugar. Siya ay labis na natutuwa at nasasabik dahil ngayon lamang siya makakapasok sa isang napakalaking gusali. Pinipilit niyang ilarawan sa isip niya ang mga makikita niya sa loob ng mall.

Dahil napakaraming tao, napahiwalay si May sa kanyang ina. Palingon-lingon siya habang naglalakad, pero di niya makita si Nanay. Umiiyak na siya nang lapitan siya ng guwardya na nagtanong ng, *Ne, bakit ka umiiyak?*

*Nawawala po ako, pahikbi-hikbing sagot ni May. Halika. Isasama kita sa information at doon mo hintayin ang nanay mo, sabi ng guwardya kay May.*

Di nagtagal ay nakita ni May si Nanay na nagmamadaling lumakad papalapit sa kanya. Malaking pasasalamat nila sa guwardya.

F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na mahalagang malaman at sundin ang mga gabay sa buhay na itinuro ni Cristo sa Bibliya kaya dapat ito ay alamin at basahin.

G. Mabuting Mamamayan.

- Bigyan diin na ang Diyos ang ating gabay.
- Ibinigay din sa atin ng Diyos ang ating mga magulang, ang gobyerno at ang iglesya upang gabayan tayo at bigyan ng direksiyon tungo sa pamumuhay na kasiya-siya sa Kanya.
- Sabihin din sa mga bata na mahalagang matuto silang makinig at sumunod sa kanila upang makapamuhay ng tama. Dapat rin alamin nila ang kanilang mga patakaran para ang mga ito ay sundin at hindi balewalain.

H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Ang malusog at maayos na pangangatawan ay makapagbibigay kasiyahan sa Diyos.

- Piliin ang kakainin. Upang mapanatili ang ating kalusugan at makaiwas sa mga sakit. Ito ang mga

bagay na dapat isa alang-alang:

1. Iwasang kumain ng mga chichiria o junk foods dahil wala itong naidudulot na nutrisyon sa katawan.
2. Iwasang kumain ng mga pagkaing nabibili lamang sa daan dahil walang kasiguruhan na malinis ito.
3. Iwasang kumain ng labis na maalat at matatamis dahil ito ay nakakasama sa kalusugan.
4. Iwasang kumain ng mga pagkaing matataba sapagkat ito'y maaaring maging dahilan ng pagtaas ng presyon.

I. Homework. Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Awit 32:8 –Tatagubilinan kita at ituturo Ko sa iyo ang da-ang dapat mong lakaran, papayuhan kita at babantayan.

#### **Aralin 4 Ang Diyos Ang Ating Tagapangalaga**

Totoo: Huwag matakot anoman ang sitwasyon na kinakaharap sapagkat kasama mo ang Diyos.

Reference: Joshua 1:9

Mabuti: Magtiwala na lagi mong kasama ang Diyos sa lahat ng oras.

Tama: Gawin ang mga gawain ng may kagalakan at kakayahan sapagkat ang Diyos ang gumagabay at nangangalaga sa iyo.

B. Motivation.

- Tanungin ang mga bata kung sa paanong paraan nila nakikita na sila ay inaalagaan ng kanilang mga magulang.
- Ipaalam sa kanila na ang Diyos bagamat hindi nakikita ay ipinaparanas ang Kanyang pag-aalaga sa atin gaya ng matutunghayan sa kuwento ni Joseph.

C. Bible story: **Si Joseph (Genesis 37:2-41:57)**

Si Joseph ay paborito ng kanyang ama na si Jacob. Ito ang naging dahilan upang siya ay kainggitan at kamuhian ng kanyang mga kapatid. Ang pagkainggit at pagkamuhing ito kay Joseph ang nag-udyok sa kanyang mga kapatid na pagbalakan siyang patayin. Ngunit ang Diyos ay laging kasama ni Joseph.

Hindi natuloy ang masamang balak ng magkakapatid, dahil hindi pumayag ang panganay nilang si Reuben. Ipinagbili na lang nila si Joseph bilang isang alipin sa mga Ismaelita. Nagsinungaling ang magkakapatid nang sabihin nila sa kanilang ama na si Joseph ay nilapa ng mabangis na hayop.

Si Joseph ay ipinagbili ng mga Ismaelita kay Potiphar, na kapitan ng mga guwardya. Dahil kinalugdan siya ni Potiphar, ginawa niyang katiwala si Joseph ng lahat ng ari-arian niya. Ngunit napagbintangan si Joseph sa isang krimen na hindi niya ginawa at siya ay nakulong. Maging sa kulungan ay sinubaybayan ng Diyos si Joseph.

Siya ay kinalugdan din ng opisyal sa bilangguan. Di nagtagal ay napalaya siya dahil naipaliwanag niya ang panaginip ng hari ng Egypt. Dahil dito, ginawa siyang katiwala ng hari sa buong Egypt.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Maaasahan Siya***

Si Abby ang panganay sa kanilang apat na magkakapatid. Labing-isang gulang pa lang siya ay naaasahan na siya sa kanilang tahanan. Dahil parehong may trabaho ang kanilang mga magulang, tumutulong siya sa pag-aasikaso sa kanyang mga nakababatang kapatid. Tinutulungan din niya ang mga ito sa kanilang pag-aaral.

Mapagkakatiwalaan si Abby sa pag-aalaga sa mga ka-patid. Minsannagkasakit ang kanilang bunsong kapatid na si Joshua. Tinulungan ni Abby si Nanay sa pagbabantay kay Joshua. Pinainom ng gamot at pinakain niya ng masustansyang pagkain upang gumaling agad. Alam ni Abby ang kalooban ng Diyos sa kanyang buhay.

Sa kanyang paglaki, siya ay mas magiging responsable, matulungin at maaasahan.

F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na kailangan lamang na matutong magtiwala sa salita ng Diyos katulad ni Joseph. Ang Diyos ay kasama natin sa anumang hirap na ating pagdadaan at hindi Niya tayo pababayaan.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na gaya ni Joseph, tayo ay humaharap din sa isang sitwasyon na kung saan kailangan nating mapagtagumpayan. Ito ang huhubog sa atin upang maging responsable, matulungin at maaasahan.
- Mapagtagumpayan natin ang mga pagsubok na ating kakaharapin sapagkat alam nating ang Diyos ang nangunguna at nangangalaga sa atin sa lahat ng ating ginagawa.

### **Aralin 5 Ang Diyos Ang Ating Kapayapaan**

Totoo: Ang mga taong umiibig sa mga kautusan ng Diyos ay nagtatamo ng kapayapaan. Reference: Psalm 119:165

Mabuti: Ibigin at sundin ang mga kautusan ng Diyos.

Tama: Sundin ang mga alituntunin ng magulang, batas sa kalsada at bayan.

B. Motivation. Tanungin ang mga bata kung mayroon ba silang idea kung bakit ang isang bansa ay maaaring magkaroon ng kaguluhan. Bukod dito, hingan sila ng opinyon kung ano ang mga paraang naiisip nila upang maiwasan o mabigyan ng solusyon ang kaguluhan sa isang lugar.

C. Bible story: **Si Moses at Ang Sampung Utos (Exodus 3:4-9, 20:1-22)**

Si Moses at ang mga Israelita ay patuloy na naglakbay mula nang makalaya sila sa pagkaalipin sa bayan ng Egypt. Sila ay nakarating sa bundok ng Sinai. Doon ibinigay ng Diyos ang sampung utos kay Moses bilang gabay nila sa maayos at mapayapang pamumuhay.

Narito ang nilalaman ng sampung utos ng Diyos:

1. Huwag kang magkakaroon ng ibang Diyos maliban sa Akin.
2. Huwag kayong maglilingkod o yuyukod sa alin mang diyos-diyosan.
3. Huwag ninyong babanggitin ang pangalan ng Diyos ng walang kabuluhan.
4. Italaga ang araw ng pagsamba at pamamahinga.
5. Igalang ninyo ang inyong ama at ina.
6. Huwag kayong papatay.
7. Huwag kayong mangangalunya.
8. Huwag kayong magnanakaw.

9. Huwag kayong sasaksi sa di katotohanan laban sa inyong kapwa.
10. Huwag ninyong pag-iimbutan ang sambahayan ng inyong kapwa: ang kanyang asawa, mga alila o kanyang mga pag-aari.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

### ***Bakit Ka Malungkot?***

Napansin ng mga kaibigan ni Toni ang malungkot niyang mukha.

*Karl:* Ano'ng nangyari sa 'yo? Bakit ganyan ang mukha mo?

*Toni:* Napagalitan ako ni nanay kasi gabi na ako nakauwi kahapon. May patakaran kasi kami na dapat nasa bahay na ako pagdating ng alas siyete ng gabi.

*Karl:* Ok lang 'yon. Para sa kapakanan din natin kaya nagbibigay ng rules ang mga magulang natin.

*Chesca:* Oo nga. Sa amin din may mga patakaran na ibinigay ang mga magulang ko. 'Di kami pwede manood ng tv pag may pasok.

*Toni:* Tama kayo. Hindi nga ako dapat malungkot dahil ang mga patakaran na iyan ay nakakatulong para maging maayos ang aming pagsasama. Salamat ha.

F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na sa Diyos lamang nagmumula ang tunay na kapayapaan. Kung may kapayapaan may kaayusan. Matatagpuan sa Bibliya ang mga gabay sa mapayapang pamumuhay at pakikisalamuha sa kapwa.
- Mabuti ang magbasa ng salita ng Diyos. Sapagkat ito ang magiging gabay natin tungo sa kaayusan.

G. Mabuting Mamamayan. Bigyan diin na ang pagkakaroon ng mga rules ay mabuti sapagkat ito ang paraan upang tayo ay magkaroon ng disiplina.

- Kung may disiplina, may kapayapaan sa loob ng tahanan. Nagbibigay ng mga rules ang ating mga magulang upang makaiwas tayo sa anumang kapahamakan.
- Magiging mapayapa ang isip ng ating magulang kung sila ay ating susundin.
- Gaya ng mga magulang may mga patakaran din na pinatutupad ang ating gobyerno upang hindi magkagulo sa bansa. Kung susundin natin ito bilang mga mabuting mamamayan, maiiwasan ang kaguluhan at awayan.
- Mabuti ang sumunod sa batas. Tama ang iyong ikikilos kung gagawin mo ito.

H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Ang malusog at maayos na pangangatawan ay makapagbibigay kasiyahan sa Diyos.

Tamang pangangalaga ng ilong:

- Kahalagahan – ginagamit ito upang tayo ay makahinga. Ito rin ang sumasala ng hangin na pumapasok sa atin baga.
- Tamang paraan:
  1. Gumamit ng tissue o malinis na panyo sa paglilinis ng ilong.

2. Sa tuwing babahing, takpan ang ilong at bibig upang hindi kumalat ang iyong germs sa paligid.
3. Kung kamay ang ginamit sa pagtakip ng ilong at bibig sa pagbahing, siguruhin na maghugas ng kamay.
4. Sa tuwing nasa mausok o maalikabok na lugar, takpan ang ilong upang hindi pumasok ang mga dumi na kasama sa hangin sa iyong paghinga.

- Kailan dapat gawin - ang paglilinis ng ilong ay dapat na ginagawa sa umaga at bago matulog sa gabi.

- Mga paalala:

1. Sa tuwing may sipon, gumamit ng tissue sa tuwing sisinga.
2. Itapon ito ng maayos sa basurahan upang maiwasan ang pagkalat ng germs.
3. Huwag magpasok ng kahit anong bagay sa loob ng ilong. Maaari nitong masugatan ang loob na bahagi.

I. Homework. Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Psalm 119:165 – Malaking kapayapaan ang natatamo ng mga taong umiibig sa iyong kautusan, at walang anumang makapagbubuwal sa kanila.

### **Aralin 6 Ang Diyos Ang Ating Kalakasan**

Totoo: Huwag mag-alinlangan na ang Diyos ang nagbibigay ng katapangan at kalakasan sa bawat pagkakataon. Reference: Psalm 28:7a

Mabuti: Manangan sa Diyos ng katapangan at kalakasan sa lahat ng pagkakataon.

Tama: Humiling ng katapangan o kalakasan ng loob sa Diyos at gawin ang buong makakaya sa isang gawain.

B. Motivation.

- Tanungin ang mga bata kung naranasan na nilang matakot. Ano ang kanilang ginawa sa pagkakataong iyon.
- Ipaalam sa kanila na mayroon tayong Diyos na maaari nilang asahan na magbibigay sa kanila ng lakas ng loob at tapang gaya ng matutunghayan sa kuwento.

C. Bible story: **Si David at si Goliath (1 Samuel 17:17-50)**

Ang mga Israelita at mga Filisteo ay laging naghaharap sa digmaan. May isang higitang kawal ang mga Filisteo na ang pangalan ay Goliath. Lagi siyang nanghahamon ng one-on-one na labanan.

Minamaliit niya ang army ng Diyos ng mga Israelita. Walang may lakas ng loob sa buong army ng Israel na lumaban kay Goliath sapagkat ito ay lampas siyam na talampakan ang taas. Isang araw, si David ay inutusan ng kanyang ama upang magdala ng pagkain para sa mga kapatid niya na kasama sa army ng Israel.

Pagdating niya sa kampo, narinig ni David si Goliath na sumisigaw: “Pumili kayo ng isang tao na lalaban sa akin.” Wala ni isa sa mga sundalo ng Israel ang may nais na tumanggap ng hamon ni Goliath.

Nilapitan ni David ang hari ng Israel na si Saul at sinabi niya sa hari na tinatanggap niya ang hamon ni Goliath. Nang una ay ayaw pumayag ng hari subalit napapayag din ito ni David.

Lumapit si David kay Goliath at sinabing, “Lalabanan kita sa pangalan ng makapangyarihang Diyos ng Israel na iyong hinahamak.” Dahan-dahang sumugod si Goliath kay David.



Si David naman ay patakpong sinalubong si Goliath. Tinirador ni David si Goliath at tinamaan ito sa noo. Si Goliath ay bumagsak. Binunot ni David ang tabak ni Goliath at pinugutan niya ito ng ulo.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

### ***Saan Nanggaling ang Kalakasan?***

May contest na inilunsad ang Mayor ng Cavite. Ang mga bata at kabataan ay inanyayahang sumali. Ang sinomang manalo ay magkakamit ng high school scholarship. Gustong-gusto sumali ni Alvin sa contest ngunit kinakabahan siya.

*Tatay:* Anak, ayaw mo bang sumali sa pa-contest ni mayor?

*Alvin:* Gusto po kaya lang alam ko naman hindi ako mana-nalo.

*Tatay:* Bakit mo naman nasabi yan? Bata ka pa lamang ay marunong ka nang maglaro ng chess. Tuturuan kita at sasanayin. Tutulungan tayo ng Diyos, anak.

*Alvin:* Salamat 'Tay. Pinalakas niyo ang loob ko.

Sa kanyang pag-eensayo, mas lalong naging mahusay si Alvin sa paglalaro ng chess.

Makalipas ang dalawang linggo, dalawang manlalaro na lang ang naiwan at si Alvin ang isa dito. Ang mag-ama ay tuwang-tuwa nang matapos ang huling laban sapagkat si Alvin ang nagkamit ng 1<sup>st</sup> prize. Nagpasalamat si Alvin kay Tatay at sa Diyos sa kalakasan ng loob habang nakikipag-laban siya sa chess.

F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na ang Diyos ang pinagmumulan ng ating kalakasan. Dapat magtiwala sa Kanya, na Siya ang magbibigay ng tapang o lakas ng loob sa atin kung may pagsubok o panganib na kinakaharap.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang pagtiwala sa Diyos ay magdudulot sa atin ng lakas ng loob para magawa ang isang bagay.
- Ipaalala sa mga bata na sa tuwing haharap sa isang hamon gaya ng quiz bee o anumang paligsahan gawin nila ang kanilang bahagi at kaakibat nun ay ang pagtiwala na ang Diyos ang magbibigay sa kanila ng lakas ng loob upang maisagawa ito.

### **Aralin 7 Ang Diyos ay Ating Kaibigan**

Totoo: Si Jesus ang ating tunay na kaibigan sapagkat inalay Niya ang kanyang buhay para sa atin sa krus ng kalbaryo. Reference: John 15:12-17

Mabuti: Magtiwala na ang Diyos ay tunay na kaibigan.

Tama: Maging isang tunay na kaibigan sa hirap at ginhawa.

B. Motivation. Tanungin ang mga bata kung ano ang mga katangian ang hinahanap nila sa isang kaibigan. Sabihin sa kanila na may isang kaibigang tunay ka na ipakikilala sa pamamagitan ng iyong kuwento.

C. Bible story: **Si Jesus (Juan 15:12-17)**

Ang Panginoong Jesus ay laging naglalakad kasama ang Kanyang mga alagad. Sa ganitong mga pagkakataon, Siya ay nagtuturo sa kanila ng mga mahalagang bagay patungkol sa pakikitungo sa kapwa.

Sinabi ni Jesus, *Walang pag-ibig na hihigit pa sa pag-ibig ng isang taong nag-aalay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan. Kayo'y mga kaibigan Ko kung tinutupad ninyo ang mga utos Ko. Hindi ko na kayo inaaring alipin, sapagkat hindi alam ng alipin ang ginagawa ng kanyang panginoon. Sa halip, inaari Ko kayong mga kaibigan, sapagkat sinasabi Ko sa inyo ang lahat ng narinig Ko sa Aking Ama. Sinabi pa ni Jesus, Ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng mabuting pastol ang Kanyang buhay para sa Kanyang mga tupa.*

Itinuring Niya tayong mga kaibigan sapagkat inialay Niya ang Kanyang buhay para sa atin upang tayo ay hindi mapahamak at tayo ay makarating sa langit.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

1. Sa bahaging ito ng pag-aaral, mahalagang bigyang diin ng guro ang kahalagahan ng pag-aalay ni Jesus ng Kanyang buhay.
2. Maunawaan din nila na mahalaga ang pagtitiwala sa ginawa ni Jesus na pag-aalay ng Kanyang buhay.

E. Familiar Story

### ***Isang Parangal***

Si Mayor ay pupunta sa eskuwelahan nila Ali. Sa edad na labing-isa, siya ay makakatanggap ng parangal mula kay Mayor dahil sa pagliligtas niya sa kanyang mga kapatid.

Dalawang buwan na ang nakalilipas nang mangyari ang sunog sa kanilang lugar. Sa kasamaang palad ay nakasama ang bahay nila Ali sa mga nasunog na bahay. Nasa trabaho ang mga magulang niya nang mangyari ang trahedyang. Lakas-loob niyang sinagip ang kanyang mga kapatid mula sa nasusunog na bahay nila. Una niyang nailigtas ang dalawang pinakabatang kapatid na sina Jing at Jay. Binalikan pa niya sina Jet at Jeff.

Nailigtas niya ang lahat ng kanyang mga kapatid ngunit ang kanyang balat sa binti at paa ay inabot ng apoy at nasunog. Nagpasalamat siya sa Diyos dahil ligtas silang lahat.

F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na ang Diyos ay ating kaibigan na maaari nating lapitan at kausapin sa pamamagitan ng panalangin.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang tunay na kaibigan ay handang tumulong sa panahon ng pangangailangan. Ang tunay na kaibigan ay kasama mo sa hirap at ginhawa.

H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Ang malusog at maayos na pangangatawan ay makapagbibibay kasiyahan sa Diyos. Laging panatilihin ang kalinisan at kaayusan sa ating paligid.

Tamang pangangasiwa ng basura

- Kahalagahan - Upang ang mga basura ay mailagay sa tamang ayos at hindi pakalat-kalat sa kalye o kung saan-saan man.
- Tamang paraan:

1. Ihiwalay ang mga basurang nabubulok sa hindi nabubulok.
  2. Maaaring maghukay sa lupa at doon ilagay ang mga basurang nabubulok katulad ng mga natirang pagkain, mga sirang gulay, etc. Matapos ay tabunan muli ng lupa.
  3. Ilagay sa isang lalagyan ang mga bote, lata o mga container na maaaring ipagbili sa magbobote. Ilagay sa isang lalagyan ang mga papel, karton – ang mga ito ay maaaring i-recycle.
  4. Alamin ang araw kung kailan kinukuha ang bawat klase ng basura upang iyon lamang ang iyong ilalabas.
  5. Lagyan ng takip ang basurahan upang hindi puntahan ng langaw o mga insekto na siyang nagiging sanhi ng marumi at mabahong kapaligiran.
  6. Huwag maglalagay ng basurang nabubulok sa basurahan. Iwasan ang pagtatagal ng mga ito sa basurahan sapagkat mabilis itong pamahayan ng mga langaw, lamok, uod at iba pang insekto.
- I. Homework. Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.  
John 15:13 – Walang pag-ibig ang higit pang dakila kaysa rito, na ialay ng isang tao ang kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan.

### **Aralin 8 Ang Tao ay Nilikha ng Diyos**

Totoo: Ang Diyos ang lumikha sa atin at sa ating buong pagka-tao. Reference: Psalm 139:13

Mabuti: Purihin ang Diyos sapagkat nilikha Niya tayong bukod-tangi.

Tama: Magkaroon ng kumpiyansa sa Diyos sapagkat ikaw ay Kanyang nilikha.

B. Motivation. Magpakita ng ilang larawan ng bagay na nilikha ng mga kilalang manlilikha (Halimbawa: telepono). Tanungin sa mga bata kung kilala nila kung sino ang lumikha ng nasa larawan. Tanungin sa mga bata kung sino ang lumikha sa kanila.

#### C. Bible story **Si Job (Job 17:17)**

Sa Bibliya, mayroong isang tao na ang pangalan ay Job. Siya ay nabuhay noong matagal na matagal nang panahon.

Nang minsan, siya ay nagtaka at nagtanong sa sarili kung bakit masyadong pinagkakaabalahan ng Diyos ang tao. Ang sagot dito ay makikita din natin sa Bibliya. Ang tao ay nilikha na kalarawan ng Diyos. Maingat at kahanga-hanga ang pagkalikha ng Diyos sa tao. Ibig sabihin, ang tao ay may talino, damdamin at marunong magpasiya.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

#### ***Magandang Nilikha***

Isang gabi, sina Jio at JB ay dumungaw sa kanilang bintana at tumingala sa langit.

Jio: Ayun ang big dipper.

JB: Nasaan?

Jio: O, sundan mo yun daliri ko. Ang Diyos ang maylikha ng lahat ng yan.

JB: Oo nga. Tapos dun ka tumingin Kuya Jio. Yun ang little dipper. Kuya, sa palagay mo ba kaya natin bilangin ang mga bituin?

Jio: Haha, ang dami n'yan. Hindi natin kaya 'yan!

JB: 'Di ba ginawa din tayo ng Diyos? Sabi yan ng teacher ko.

*Jio:* Aba oo! At iba ang paggawa sa atin ng Diyos, hindi katulad ng mga bituin. Nakakapagsalita at nakakagalaw tayo. At saka nakakapag-isip din tayo. 'Yung mga bituin nandoon sa langit para magbigay liwanag sa gabi.

*JB:* Wow! Ang galing talaga ng Diyos!

*Jio:* Talaga! Tara, tulog na tayo. Meron pang pasok bukas.

F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na tayo ay nilikha ng Diyos. Mahalaga tayo sa Kanya kaya tayo'y pinakakaabalahan Niya.
- Dapat tayong matutong magpasalamat at magpuri sa Diyos sapagkat Siya ang ating Manlilikha.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang Diyos ay tunay na makapangyarihan. Siya ang lumikha sa lahat ng bagay. Siya ang lumikha sa ating mga tao. Gaya ng kahanga-hangang kagandahan ng mga bituin ang mga tao ay nilikha din ng Diyos na espesyal.
- Ipaalam na ang tao ay natatanging nilikha ng Diyos sapagkat tayo ay nilikhang kawangis Niya. May mga katangian na ibinahagi sa atin ang Diyos.
- Tandaan na tayo ay nilikha ng Diyos ayon sa Kanyang wangis. Walang dahilan na tayo ay mawalan ng kumpiyansa sa sarili o mahiya sapagkat kinukumpara natin ang ating sarili sa iba.

### **Aralin 9 Ang Tao ay Nahulog sa Kasalanan**

Totoo: Ang salita ng Diyos ay dapat pagtiwalaan sapagkat ito ang katotohanan. Ang salungat sa salita Niya ay pawang kasinungalingan. Reference: Genesis 3:1-24

Mabuti: Magbasa ng salita ng Diyos at sundin ang Kanyang mga utos.

Tama: Huwag mag-iimbento ng kuwento o mga dahi-dahilan sapagkat ito ay isang paraan ng pagsisinungaling. Paniwalaan lang ang mga katotohanan.

B. Motivation. Magpakita ng isang Bible sa klase.

- Tanungin sila kung ano ang aklat na hawak mo at kung ano ang nilalaman nito.
- Sabihin sa kanila na ito ay salita ng Diyos. Ang laman nito ay puro mga katotohanan lamang.
- Ano man ang salungat o hindi umaayon sa nakasulat sa Bible ay kasinungalingan.

C. Bible story: **Si Adan, si Eba at ang Ahas (Genesis 3:1-24)**

Inilagay ng Diyos si Adan sa hardin at sinabing, *Makakain mo ang alinmang bunga sa halamanan, huwag lang ang bunga ng punongkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama. Sa oras na kainin mo ito, ikaw ay mamamatay.*

Isang araw, tinanong ng ahas si Eba:

*Ahas:* Totoo bang sinabi ng Diyos na hindi kayo dapat kumain ng bunga mula sa kahit na anong puno sa hardin.

*Eba:* Puwede namin kainin ang bunga ng kahit na anong punongkahoy diyan, huwag lang yung bunga ng puno na nasa gitna ng hardin. Pag kinain o hinawakan man lang namin ang bunga, kami ay mamamatay.

*Ahas:* Hindi kayo mamamatay. Alam ng Diyos na pag kumain kayo ng bunga na yan, mabubuksan

ang inyong mga mata. Magiging katulad kayo ng Diyos at malalaman ninyo ang masama at mabuti.

Naging maganda sa paningin ni Eba ang prutas na pinagbabawal ng Diyos. Pumitas siya at kumain. Binigyan din niya si Adan. Matapos kumain ni Adan ng bunga nakita nila na sila ay parehong hubad. Nagtagni-tagni sila ng dahon upang matakpan ang kanilang katawan. At sila ay nagtago nang marinig nila ang yabag ng Diyos sa hardin. Dahil sa pagsuway nina Adan at Eba sa pinag-utos ng Diyos, sila ay nakaranas ng espirituwal na kamatayan sapagkat ang espiritu ng Diyos ay humiwalay sa kanilang espiritu. Sila ay pinalayas ng Diyos sa hardin ng araw ding iyon. Dahil sa kanilang kasalanan, ang katawang lupa nina Adan at Eba ay namatay din makalipas ang mahabang panahon.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

### ***Ano Ang Katotohanan?***

Marami nang “classroom rules” ang hindi sinusunod si Kiko. Kaya naman isang umaga, siya ay pinalabas ng klasrum ni Teacher May.

*Teacher May:* Kiko, marami ka nang patakarang hindi sinu-nod, palalabasin kita ng klasrum. Kayo ang gumawa ng mga rules na yan. Sa susunod na subject ka na bumalik.

Si Kiko ay hindi nakakuha ng test sa science subject nila. Sa halip na maupo sa labas ng klasrum at maghintay sa susunod na subject, nag-desisyon siyang uuwi na lamang.

Ngunit hinarang siya ng guwardya ng eskuwelahan.

*Guwardiya:* Saan ka pupunta?

*Kiko:* Uuwi na ko kasi pinalabas ako ni Teacher May..

*Guwardiya:* Hindi puwede dahil hindi pa oras ng uwian.

Pumunta ka sa opisina ng principal.

Sa office ng Principal:

*Principal:* Totoo bang pinauwi ka ng teacher mo?

*Kiko:* Opo, kasi pinalabas niya ko ng klasrum. Hindi nga po ako nakakuha ng test sa science.

*Principal:* Sige, maupo ka riyan at kakausapin ko ang teacher mo.

Nalaman ng principal ang buong pangyayari kaya napagalitan niya si Kiko. Kinabukasan ay isinama ni Kiko ang kanyang mga magulang upang makausap ng principal.

F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang pagkahulog sa kasalanan ng tao.
- Bigyang diin na ang pagtitiwala sa salita ng Diyos ay tama sapagkat ang salita Niya ay totoo.
- Ang sinabi ng Diyos ay siyang mangyayari.
- Ang pagsuway sa Diyos ay kasalanan at ang kasalanan ay palaging nagdudulot ng kapahamakan.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyang diin na ang rules ay ginagawa upang maging maayos at payapa ang lahat. Ang hindi pagsunod sa rules ay may kaakibat na masamang bunga.
- Bigyan diin na ang hindi pagsasabi ng totoo upang hindi mapagalitan ay mali. Tandaan na ang kasinungalingan ay nagmula kay Satanas. Ang kasinungalingan gaano man ito kaliit ay

kasinungalingan pa rin.

- Ipaalam na hindi kalooban ng Diyos na ang mga bata ay magsisinungaling. Dapat nilang sanayin ay ang pagsa-sabi ng totoo. Ito ang tama at kalugod-lugod sa Diyos.
- Ang batang nagsasabi ng totoo ay napagkakatiwalaan.

#### H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Ang malusog at maayos na pangangatawan ay makapagbibibay kasiyahan sa Diyos.

Tamang pananamit

- Kahalagahan – ang pananamit ng naaayon sa panahon at temperatura ay mahalaga. Ang damit na ating sinusuot ay nakakaprotekta at nagpapanatili ng tamang temperatura ng katawan.
- Mga paalala:
  1. Magsuot ng makapal na damit at mahaba ang manggas sa tuwing malamig ang panahon upang mapanatili ang tamang init ng katawan.
  2. Magsuot ng magagaan at *light-colored* na damit tuwing mainit ang panahon upang hindi ito mag-absorb ng init mula sa araw na siyang magiging sanhi ng pagtaas ng temperatura ng katawan.
  3. Magpalit ng pang-itaas kung basa na ito ng pawis upang hindi magkasakit.
  4. Gumamit ng sumbrero o kahit anong maaaring pang-protekta sa ulo tuwing mainit ang sikat ng araw.
  5. Huwag mag-ulit ng damit na nagamit na upang maiwasan magkaroon ng masamang amoy sa katawan.

#### I. Homework. Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

John 8:44b – Ang diablo ay sinungaling at siya ang ama ng kasinungalingan.

### **Aralin 10 Ang Tao ay Tinatawag ng Diyos**

Totoo: Ang mga tinatawag ng Diyos na nagtitiwala sa Kanya ay sumusunod sa Kanyang tinig.  
Reference: John 10:27

Mabuti: Sumunod sa tawag ng Diyos.

Tama: Makinig at sumunod sa magulang.

#### B. Motivation. Magpalaro ng “Rock the Boat”

Instruction: Gamit ang kanilang mga silya paupuin ang mga bata ng nakapabilog. May isang bata na walang silya na nasa gitna (taya), siya ang magtatawag ng isang kategorya kung saan ang lahat ng napapaloob sa kategoryang iyon ay dapat lumipat ng inuupuan. Habang naglilipatan, ang taya ay makikipag-unahan na makahanap ng bakanteng silya upang siya ay makaupo. Ang mawawalan ng upuan ang siya namang magiging bagong taya.

Halimbawa: “Ang bangka ay lulubog, lahat ng nakasapatos ay kailangan lumipat.”

#### C. Bible story: **Mga Taong Tinawag ng Diyos (Genesis 3:8, 6:13, 17:5, Isaiah 16-18)**

Nang nagkasala sina Adan at Eba, napansin nila na sila ay hubad at sila ay nahiya. Gumawa sila ng panaklob mula sa mga kinuha nilang mga dahon. Tapos nadinig nila ang yabag ng Diyos sa hardin at sila ay nagtago. Tinawag ng Diyos si Adan ng ganito, “Nasaan ka?”

Mula noon laging tinatawag ang Diyos sa tao. Tinawag Niya si Noah upang gumawa ng malaking arko para sila ay maligtas sa malaking baha.

Tinawag ng Diyos si Abraham upang siya ay magsimula ng isang bayan. Tinawag ng Diyos si Moises upang iligtas niya ang bayan ng Diyos sa pagkaalipin sa bayan ng Ehipto.

Tinawag ng Diyos si David upang maghari sa bayan ng Diyos. At pagkatapos naman ay isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak na si Jesus upang iligtas Niya ang bayan ng Diyos mula sa kanilang kasalanan.

Ngayon tumatawag pa rin ang Diyos sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mabuting balita tungkol sa ginawa ni Jesus sa krus ng kalbaryo - - ang lahat ng magtitiwala kay Jesus ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

Ginagawa ng Diyos ito sa pamamagitan ng kapang-yarihan ng Banal na Espiritu.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

### **Marie! Marie!**

“Marie! Marie! Marie!” nakakatatlong tawag na ang nanay ni Marie ngunit walang sumasagot sa kanya. “Aba, nasaan kaya ang batang ito?”

*Mae:* Hoy, Marie, hindi mo ba naririnig? Tawag ka ng nanay?

*Marie:* Nakakainis naman, eh. Lagi na lang akong tinatawag ni nanay. Naglalaro pa ko, eh.

*Mae:* Hindi ka naman tatawagin ni nanay kung wala siyang kailangan sa iyo. Lapitan mo na si nanay.

Nagdadabog na tumayo si Marie.

*Mae:* Hindi mabuti ang nag- dadabog. Tigilan mo yan.

*Marie:* Oo na nga, Andyan na po ‘Nay.

F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na ang taong nakikinig at nagtitiwala sa salita ng Diyos ay siguradong susunod sa tawag ng Diyos sa kanilang buhay.
- Ang kanilang buhay ay nagiging malaking pakinabang at nagiging kagamit-gamit sa mga tagasunod ni Cristo.

G. Mabuting Mamamayan

- Ipaalam sa mga bata na gaya noong unang panahon ang Diyos ay tumatawag pa rin ng mga tao upang isa-katuparan ang Kanyang layunin sa kanilang buhay. Yan ang dahilan kung bakit ibinabahagi ang salita ng Diyos.
- Bigyang diin na ang mga batang katulad nila ay tinatawag din ng Diyos upang igalang at sumunod sa kanilang mga magulang, magbigay ng respeto sa mga nakatatanda sa kanila, tumulong sa kanilang mga magulang sa gawaing bahay at mag-aral ng mabuti. Ang pagsunod sa magulang ay mabuti at tama.

H. Homework: Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman: 2 Pedro 2:9b

Siya ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman patungo sa Kanyang kahanga-hangang kaliwanagan.

### **Aralin 11 Ang Tao ay May Kalayaan**

Totoo: Ang tao ay nilalang ng Diyos na may kalayaan.

Reference: 1 Peter 2:16

Mabuti: Gamitin ang kalayaan sa paggawa ng mabuti at hindi sa masama.

Tama: Tayo ay may kalayaang pumili kung ano ang nais nating paniwalaan. Siguruhin natin na ang ating pinaniniwalaan ay nakabase sa katotohanan upang ang ating pagkilos ay naaayon sa nais ng Diyos.

B. Motivation. Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagsunod sa Diyos.

C. Bible story: **Ang Tao sa Hardin ng Eden (Genesis 2:15-17)**

Matapos ilagay ng Diyos ang tao sa Hardin ng Eden, ang tao ay binigyan ng Diyos ng kalayaan na pagyamanin at alagaan ang hardin. Ang hardin ay ang modelo na dapat tularan ng tao.

Nilikha ng Diyos ang tao upang pamahalaan din ang mga hayop sa lupa, sa dagat at mga ibon sa himpapawid. Binigyan din ng Diyos ang tao ng kalayaan na bigyan ng pangalan ang lahat ng hayop na naroon sa parang at sa himpapawid. Sinabi Niya kay Adan na malaya siyang makakakain ng bu-nga ng kahit anong puno sa Eden maliban lamang sa puno ng pagkaalam ng mabuti at masama, sapagkat sa araw na siya ay kumain nito, siya ay tiyak na mamamatay. Maraming klaseng bungangkahoy ang nasa Eden.

Tunay na malaya ang tao na tuparin ang layuning pinagkaloob sa kanya ng Diyos sa ano mang paraang kanyang ma-isipan. Siya ay malaya ring kumain ng sari-saring uri ng prutas, huwag lamang mula sa pinagbabawal na puno.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

### ***Ang Pamahiin***

Maraming nakikiramay habang nakaburol ang lolo ni Nene sa kanilang bahay. Hindi maiwasan na maging marumi ang loob ng tahanan nila kaya naisip ni Nene na magwalis upang maging malinis ang bahay.

*Lola:* Ay Nene! Bawal magwalis o maglinis kapag mayroong nakaburol. Masama iyan. Pabayaang mo siyang madumi.

*Nene:* Eh, ano po bang masama kung magwawalis ako, Lola?

*Lola:* May susunod daw na mamamatay pag naglinis ka habang may nakaburol!

*Nene:* Di ba meron naman po talagang susunod na mamamatay? Kasi tumatanda ang mga tao!

*Lola:* Ay naku bata ka! 'Wag ka nang mamilosopo! Walang masama kung susunod ka na lang!

Walang nagawa ang kawawang si Nene kundi sumunod na lang sa utos ng lola.

F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na ang tao ay may kalayaan sundin o suwayin ang kalooban ng Diyos. Anoman ang ating piliin, tayo ay mananagot sa ating naging pasya o pinili.
- Ang pagsunod sa kalooban ng Diyos ay nagbubunga ng mabuting resulta at ang pagsuway naman dito ay magdudulot ng kapahamakan.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang mga tao ay maraming pinaniniwalaan gaya ng mga pamahiin. (Ipaliwanag ang pamahiin).



- Ipaliwanag na ang pag-iisip na walang mawawala sa isang tao kung ito ay gagawin (pamahiin) ay pagpapakita ng kawalan ng tiwala sa salita ng Diyos. Tandaan na tayo ay may kalayaan na pumili ng mga bagay na ating paniniwalaan. Maging matalino sa kung sino at ano ang paniniwalaan.
- Magtiwala sa salita ng Diyos sapagkat ito ay totoo at paniguradong ang iyong gagawin ay tama.

#### H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Ang malusog at maayos na panga-ngatawan ay makapagbibibay kasiyahan sa Diyos.

Kumain ng gulay

- Kahalagahan – ang gulay ay mayaman sa *nutrients*, *vitamins* at *minerals* na nakapagpapalakas at nakapagpaganda ng ating katawan. Mababa ito sa *calories* at *fats* kaya't nakakaiwas ka sa pagkakaroon ng sakit sa puso at iba pang mga sakit na dulot ng mataas na *calories* at *fats*.

#### I. Homework. Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

1 Peter 2:16 – Kayo'y malaya, subalit ang kalayaa'y huwag ninyong gagawing dahilan sa paggawa ng masama kundi mamuhay kayo bilang mga alipin ng Diyos.

### **Aralin 12 Ang Tao na May Pananalig sa Diyos**

Totoo: Nalulugod ang Diyos sa mga taong gumagawa ng mabuti dahil sa pagtitiwala sa Kanya.

Reference: Hebrews 11:6

Mabuti: Magtiwala sa Diyos ng makagawa ng tama.

Tama: Ipakitang ikaw ay mapagkakatiwalaan at responsableng anak, kapatid, bata.

#### B. Motivation. Magpakita ng larawan ng batang nagbabasa ng Bible.

- Tanungin sila kung ang ginagawa ng bata sa larawan ay tamang gawin at bakit.
- Ipaliwanag sa kanila na ang kuwento sa araw na ito ay patungkol sa paggawa ng mabuti na may pananalig sa Diyos. Mahalaga ang motibo sa paggawa ng mabuti dahil ang Diyos ay nakatingin sa ating puso.

#### C. Bible story: **Sina Cain at Abel (Genesis 4:1-10)**

Sa Genesis 4, mababasa natin na si Adan at si Eba ay nagkaroon ng mga anak. Sila ay ang magkapatid na Cain at Abel.

Si Cain ay isang magsasaka at ang kanyang nakababatang kapatid na si Abel ay isang pastol. Minsan, pareho silang nagbigay ng handog sa Diyos. Nasiyahan at tinanggap ng Diyos ang handog ni Abel mula sa matataba niyang tupa subalit tinanggihan ng Diyos ang handog ni Cain mula sa kanyang ani.

Makikita natin ang kaibahan ng dalawang handog. Ang handog ni Abel ay nagmula sa pusong may pananalig sa Diyos. Si Cain ay walang tiwala sa salita ng Panginoon. Ang Diyos ay nakatingin sa puso ng naghahandog.

Nagalit si Cain dahil hindi tinanggap ng Diyos ang kanyang handog. Dahil sa matinding galit, nagawa niyang patayin ang kanyang kapatid.

#### D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

#### E. Familiar Story

### ***Ikaw ba ay Maaasahan?***

Si Eric ay isang batang laging maaasahan sa anumang bagay. Minsan, nilapitan siya ng kanilang guro:

*Ms. Santos:* Eric, may art contest tayo. Ikaw ang aking isasali. Alam kong kayang-kaya mo ito.

*Eric:* Aba, sige po Ma'm.

Umuwi si Eric at hindi nag-aksaya ng oras. Nag-isip siya agad ng gagawin niyang project. Habang siya ay naghahanda ng mga kagamitan para sa project niya, nilapitan siya ng nakababatang kapatid.

*Louie:* Kuya, tulungan mo naman ako sa homework ko. Hindi pa dumadating si Nanay. Hindi ko alam ang gagawin ko.

Itinigil muna ni Eric ang kanyang ginagawa at:

*Eric:* Madali lang yan.

*Louie:* Salamat kuya.

*Eric:* You're welcome. O, bago ka maglaro ayusin mo muna yang kalat mo dyan.

*Louie:* Opo Kuya.

Dumating ang araw ng contest at buong tuwang ibinalita ng guro ni Eric na siya ang nanalo ng unang gantimpala.

*Ms. Santos:* Congratulations Eric! Hindi ako nagkamali. Maaasahan ka talaga.

*Eric:* Salamat po Ms. Santos. Ang lahat pong ito ay nagawa ko dahil sa tulong ng Diyos.

#### **F. Gabay ng buhay.**

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na ang pananalig sa Diyos ay magbubunga ng mabuting gawa. Kung walang pananalig, imposibleng mabigyang kasiyahan ang Diyos.

#### **G. Mabuting Mamamayan**

- Bigyan diin na si Cain ay isang taong walang tiwala sa salita ng Diyos at makasarili sapagkat dahil sa matinding galit ay nakuha niyang patayin ang kanyang kapatid.
- Tandaan na ang taong may pananalig sa Diyos ay mayroong tamang pananaw sa buhay na siyang makikita sa kanyang pagkilos o pamumuhay.

### **Aralin 13 Ang Mabuting Tao**

Totoo: Ang taong nagtitiwala at sumusunod sa Diyos ay guma-gawa ng mabuti. Reference: Genesis 6:8-10

Mabuti: Bigyang kaluguran ang Diyos sa lahat ng ginagawa.

Tama: Kapag tutulong tayo sa ibang tao, siguruhin nating ang ating motibo sa pagtulong ay dahil sa pag-ibig natin sa Diyos sapagkat iyon ang Kanyang kalooban.

#### **B. Motivation. Magpakita ng larawan ng mga sumusunod:**

1. batang nagdadasal
2. batang nagtatapon ng basura sa daan
3. batang nagtatanim ng halaman

- Tanungin ang mga bata kung mabuti ang ginagawa ng tao sa larawan at bakit nila nasabi na ito ay mabuti.

- Sabihin sa kanila kung sino ang taong mabuti. Ang taong mabuti ay yaong may pagtitiwala sa Diyos kaya siya nakakagawa ng mabuti sa kapwa.

C. Bible story: **Bunga ng Pagsuway at Pagsunod (Genesis 3:16-23, 6:9-9:13)**

Nang sumuway sina Eba at Adan sa kautusan ng Diyos, nakita nila at naunawaan kung ano ang mabuti at masama.

Ang kanilang ginawa ay hindi naging kasiya-siya sa Diyos kundi ito ay nag-udyok ng Kanyang galit at parusa. Dahil dito, sina Adan at Eba ay napalayas sa hardin.

Si Adan ay nakaranas ng hirap sa pagsasaka at pagtatrabaho sa lupa. Si Eba naman ay nakaranas ng hirap sa pagdadalang-tao at panganganak.

Kaiba naman si Noah kina Eba at Adan. Siya ay nagbigay kasiyahan sa Diyos sapagkat siya ay nagtiwala at naging masunurin sa Diyos. Ginawa niya ang arkong ipinagagawa sa kanya ng Diyos at siya at ang kanyang pamilya ay naligtas sa malaking baha.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

***Ang Mabuting Pag-uugali***

Si Ann ay papasok na sa eskuwelahan. Kasama niya ang dalawa niyang nakababatang kapatid. Habang sila ay naghi-hintay ng jeep na masasakyan, napansin niya ang isang matandang lalaki na patawid sa kabila ng kalye. Naawa siya sa matanda dahil mukhang nahihirapan itong tumawid ng kalsada.

*Ann:* Dito lang kayo Lynn. Hawakan mong mabuti si Junior at tutulungan ko lang tumawid yung lolo.

*Lynn:* Bakit pa ate? Mahuhuli na tayo sa school.

*Ann:* Sandali lang ako.

*Anne:* Lolo, tutulungan ko na po kayong tumawid.

*Lolo:* Hay salamat, ineng, napakabait mo naman. Sige nga at medyo malabo ang aking mga mata.

Itinawid nga ni Ann si lolo at nagpasalamat ang matanda sa kanya. Nang makabalik si Ann sa mga kapatid:

*Lynn:* Ate bakit mo ba kailangan tulungan yun matanda?

*Ann:* Siyempre Lynn, ganoon dapat. Halimbawa, lolo natin ang nasa ganoong sitwasyon, di ba gusto mo din meron tutulong sa kanya? Kung ano ang gusto nating gawin sa atin ng ating kapuwa, ganoon din ang gawin natin sa iba.

*Lynn:* Ah, naintindihan ko na ate. Tatandaan ko yang sinabi mo.

F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na makagagawa lamang tayo ng mabuti kung tayo ay nagtitiwala at sumusunod sa Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyang diin na ang paggawa ng mabuti, sa likuran nito ay ang motibo kung bakit natin ito ginagawa.

- Ang isang gawa ay masasabi lamang na mabuti kung ang nais mong bigyan ng kasiyahan sa iyong pagkilos ay ang Diyos. Kung tayo o ibang tao lang ang masisiyahan, ito ay hindi mabuti.

#### H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Ang malusog at maayos na panga-ngatawan ay makapagbibibay kasiyahan sa Diyos.

Kumain ng prutas

- Kahalagahan – ang prutas ay mayaman sa vitamins at nutrients na mabuti sa katawan. Mataas ito sa antioxidants na nakakalaban sa pagkakaroon ng sakit na *cancer*.
- Mabuti ang pagkain ng prutas upang makatulong sa ating hydration sapagkat mayaman din ito sa tubig. Mababa ito sa *calories* at *fats* kaya't naiwas ka sa pagkakaroon ng sakit sa puso at iba pang mga sakit na dulot ng mataas na *calories* at *fats*.

#### I. Homework. Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Colossians 3:23 – Anoman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ng magaan sa kalooban na waring hindi sa tao kayo nagli-lingkod kundi sa Panginoon.

### **Aralin 14 Ang Matuwid na Tao**

Totoo: Ang taong matuwid ay taong may pananalig sa Diyos. Reference: Romans 4:3

Mabuti: Magtiwala sa Diyos upang maisakatuparan ang Kanyang kalooban.

Tama: Maging mabuting halimbawa sa paggalang sa iba sa pamamagitan ng pagpila ng maayos.

#### B. Motivation. Ipaawit ang kantang Read your Bible.

#### C. Bible story **Sumunod sa Kalooban ng Diyos (Genesis 6:9-9:13, Genesis 12:1-5, 17:1-16, 21:1-5, Exodus 3:1-17)**

May mga kuwento ng mga taong nabuhay noong unang panahon na mababasa natin sa bibliya. Si Abel ay may pusong nagtiwala at sumunod sa sinabi ng Diyos patungkol sa paghahandog ng alaga niyang matatabang tupa.

Si Noah ay nagtiwala at sumunod sa kalooban ng Diyos nang sabihin sa kanya ng Diyos na siya ay gumawa ng arko upang maligtas siya at ang kanyang buong pamilya mula sa malaking baha.

Si Abraham ay nagtiwala at sumunod sa kalooban ng Diyos nang sinabi ng Diyos sa kanya na lisanin niya ang kanyang bayan, magtungo at manirahan sa lupang pangako. Sumunod rin siya sa utos ng Diyos na gawin niyang haing buhay ang kaisa-isang anak na si Isaac.

Si Moses ay nagtiwala at sumunod sa kalooban ng Diyos nang sabihin ng Diyos sa kanya na pangunahan niya ang mga Israelita nang mapalaya sila mula sa pagkaalipin sa Egypt.

Higit sa lahat, ang Panginoong Jesus ay sumunod sa kalooban ng Diyos na ialay ang Kanyang buhay para sa kung sinumang manalig sa Kanya ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

#### D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

#### E. Familiar Story

### **Unahan Natin Sila**

Tumunog na ang bell para sa recess ng mga bata. Sina John at Jonah ay nagmadaling tumakbo patungo sa canteen. Laging may pila sa tindahan kaya sila ay nakipag-unahan sa ibang mga mag-

aaral.

*John:* Dalian mo Jonah, sumingit ka agad.

*Jonah:* Ikaw nalang, mas mabilis kang tumakbo kaysa sa akin.

*Mga bata:* Hoy, pumila kayo! Nauna kami sa inyo!!!

Nakarating sila sa canteen at si John ay nakasingit na sa pila.

Nagpanggap si John na hindi niya narinig ang sinabi ng ibang bata. Masama ang tingin ng ibang bata sa kanila ngunit walang pakialam si John. Si Jonah ay nakaramdam ng pagkahiya.

*Jonah:* Sige John, dito na lang ako. Tutal nakapila na rin naman ako. Okey na.

F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na mahalaga ang pagtitiwala sa salita ng Diyos sapagkat ito ay magbubunga ng tamang pagkilos.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na kalooban ng Diyos na tayo ay makapamuhay ng payapa. Nagbigay Siya ng mga utos at gabay sa buhay na dapat sundin upang maging maayos ang pamumuhay at pakikitungo ng bawat isa.
- Wala sa kalooban ng Diyos ang mamuhay tayo sa kaguluhan. Ang nais Niya ay mamuhay tayo ng may kapayapaan.
- Tandaan na kung ang bawat isa ay magtitiwala sa Diyos tsaka lamang sila makakagawa ng tama.

## **Aralin 15 Ang Iglesiya**

Totoo: Pasakop at sundin ang mga namumuno sa simbahan sapagkat sila ang nangangalaga sa atin.

Reference: Hebrews 13:17

Mabuti: Sundin ang mga namumuno sa simbahan.

Tama: Makiisa sa mga gawain ng simbahan katulad ng pagdalo sa Sunday school.

B. Motivation. Alamin sa mga bata kung sino sa kanila ang nakakakilala sa pinuno ng kanilang simbahan (pangalan ng pari, pastor o elder). Tanungin sa kanila kung paano nila maipapakita na mahal nila ang leader ng kanilang simbahan.

C. C. Bible story: **Ang mga Matanda sa Iglesya (1 Timothy 5:17; Hebrews 13:17)**

Ang sabi sa 1 Timothy 5:17 na ang mga matatanda na mahusay sa pagpapatakbo ng simbahan ay karapat-dapat na tumanggap ng karangalan at respeto lalung-lalo na iyong mga nangangal at nagtuturo.

Sa aklat ng Hebrews, sinasabi din na sundin ninyo ang mga nangunguna sa inyo at pasakop kayo sa kanilang pamamahala upang maging kagalakan at hindi pabigat ang paglilingkod na ginagawa nila.

Kaya makakabuti sa mga bata kung sila ay makikinig at susunod sa kanilang mga pastor o sa mga matatanda sa loob ng simbahan. Ang Diyos ang nag-lagay sa kanila upang mamuno sa kanila.

D. Activity time. Answer Key: SUNDIN ang mga NANGUNGUNA sa inyo at PASAKOP kayo sa

kanilang PAMAMAHALA.

#### E. Familiar Story

##### ***Magsimba Tayo***

Nakaugalian na ng pamilya ni Linda na ang araw ng Linggo ay inilalaan nila para sa Panginoon. Nagmamadali na sa paglalaba si Aling Luz para hindi sila mahuli sa simbahan. Tama naman sa pagdating ni Mayet na kaibigan ni Linda.

*Mayet:* Magandang umaga po Tita Luz. Nandyan po ba si Linda?

*Luz:* Magandang umaga din sa iyo anak. Nariyan siya sa loob.

Narinig na ni Linda ang boses ng kaibigan kaya kusa na siyang lumabas.

*Linda:* Hi! Napadaan ka?

*Luz:* Magpapa-sama sana ako sa iyo para bumili ng libro.

*Linda:* Gusto ko sana, kaya lang magsisimba kami.

*Luz:* Ganun ba? Sige next time na lang.

*Linda:* Kung gusto mo sumama ka muna sa amin magsimba.

Pagkatapos maaari na kitang samahan sa pagbili mo ng libro. Masayang nagkasundo ang magkaibigan sa kanilang mga plano.

#### F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na sila ay dapat magpasakop sa mga elders ng iglesia at makilahok at tumulong sa mga programa ng simbahan.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Tandaan na ang pagsunod ay tanda ng pagpapasakop sa mga namumuno sa iglesia. Ang mga paalalang ibinigay sa kanila ay tanda naman ng pagmamalasakit sa kanila ng kanilang pamunuan.
- Sumunod sa mga ipinapagawa ng elders sa church upang madiskubre ang giftedness ng bawat isa.

#### H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Isa sa mga paraan na mabibigyang kasiyahan natin ang Diyos ay ang pangangalaga ng panga-ngatawan na kanyang pinagkaloob.

Pangangalaga sa mga buto

- Kahalagahan – karamihan ng ating buto ay nagproprotekta ng mahahalagang organs gaya ng puso, baga at utak. Ang ilan sa ating mga buto ang gumagawa ng ating dugo.
- Mga paraan:
  1. Ang regular na pag-ehersisyo ay makakatulong na mapanatili ang kalakasan ng mga buto.
  2. Kumain ng mga *dairy products* gaya ng keso at uminom ng gatas.
  3. Magsuot ng helmet, *knee* at *elbow pad* sa tuwing sasakay ng bisikleta o *skateboard*.

#### I. Homework. Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Hebrews 13:17a – Pasakop kayo sa mga nangangasiwa sa inyo. Sila'y may pananagutang magbantay sa inyo, at magbi-bigay-sulit sila sa Diyos ukol dito.

## Aralin 16 Ang Mga Magulang

Totoo: Ang mga anak ay dapat igalang at sumunod sa kanilang mga magulang sapagkat ito ang kalooban ng Diyos. Reference: Ephesians 6:1-3

Mabuti: Igalang at sundin ang mga magulang.

Tama: Pakinggan at tandaan ang mga mabuting pag-uugali na itinuturo ng mga magulang. Isakatuparan ito sa lahat ng pagkakataon.

B. Motivation. Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pag-sunod sa Diyos.

C. Bible story: **Ang Utos ng Diyos (Ephesians 6:1-3)**

Sa tahanan ang may awtoridad sa atin ay ang ating mga magulang kaya dapat natin silang sundin. Gayundin naman, sa eskuwelahan ang ating mga guro ang may awtoridad sa atin kaya dapat lang na sundin at igalang din natin sila.

Sinabi sa Ephesians 6:1-3 ang ganito: mga anak, sundin ninyo ang inyong magulang alang-alang sa Panginoon sapagkat ito ang nararapat. Igalang ninyo ang inyong ama at ina.

Ito ang unang utos na may kalakip na pangako: Ikaw ay giginhawa at matatamasa mo ang mahabang buhay dito sa lupa. Iyan din ang laging ipinaalala ni Aling Luz sa anak na si Linda.

*Aling Luz:* Ang sabi pa sa bible, ang mga bata ay dapat sumunod sa kanilang mga magulang sa lahat ng bagay sapagkat ito ay nakalulugod sa Diyos.

*Linda:* Ahhh, pag sumusunod pala ako sa inyo, binibigyan ko ng kasiyahan ang Diyos!

*Aling Luz:* Tama yan, anak. At dapat ang pagsunod na iyan ay taos sa puso at hindi pakitang-tao lang.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

### ***Tama ba o Mali?***

Mayroong malaking pagsusulit sa eskuwelahan nila Mon. Ang lahat ng matatalino sa klase ay nasa unang hanay na mga upuan. Si Mon ay nakaupo sa pangalawang hanay. Sabi ng taga-bantay sa mga bata:

*Taga-bantay:* Mga bata, kung hindi ninyo alam ang sagot ay maaari kayong kumopya ng sagot sa mga nasa harapan ninyo.

Sa mga sandaling iyon, nagtalo ang isip ni Mon. Sinabi ni nanay na huwag na huwag mangongopya. Kaya siya ay nagdesisyon na hindi niya susundin ang taga-bantay.

Pag-uwi niya sa bahay, ikinuwento niya sa nanay ang nangyari:

*Nanay:* Ano ang ginawa mo?

*Mon:* Naalala ko po ang sinabi niyo sa akin kaya hindi ako nangopya.

*Nanay:* Tama at mabuti ang ginawa mo anak!

F. Gabay ng buhay. Muling balikan ang kuwento.

- Bigyang diin na ang mga magulang nila ay inatasan ng Diyos na palakihin at pangalagaan ang kanilang mga anak ayon sa kalooban ng Diyos.
- Ang batang nagpapasakop sa kanilang mga magulang ay nagpapasakop sa Diyos at ang batang sumusuway sa kanilang mga magulang ay sumusuway rin sa Diyos.

## G. Mabuting Mamamayan

- Tanungin ang mga bata: *Kung nakita ng teacher ang mga sagot ng mga mag-aaral ay magkakapareho at ang score nila ay magkakapareho at nalaman niya na sila ay nagkopyahan, ano ang maaaring mangyari sa kanila?* (Pakinggan ang kanilang sagot.) – Sila ay mapapagalitan at maaaring makakuha ng zero na score, maaaring paulitin ng test o maaaring maparusahan.
- Tandaan na mahalaga ang pakikinig at pagsunod sa mga mabuting asal na itinuturo sa kanila ng kanilang mga magulang. Kung sila ay makikinig at susunod, makaka-iwas sila sa anumang kapahamakan na maaaring idulot ng pagsuway.

## Aralin 17 Ang Gobyerno

Totoo: Ang pagsunod sa Diyos ay magdudulot ng kasiyahan at maglalayo sa atin sa kapahamakan.  
Reference: Proverbs 19:23

Mabuti: Sumunod sa utos ng Diyos. Magpasakop sa mga taga-pamuno na itinalaga ng Diyos.

Tama: Sumunod sa batas na ipinapatupad ng mga tagapamuno.

B. Motivation. Magpakita ng larawan ng mga sumusunod na personalidad at alamin sa kanila kung kaya nilang panga-lanan ang bawat isa: (Presidente, Bise-Presidente, Mayor ng bayan nila, 1 Senador) Tanungin kung ano ang kahalagahan ng bawat isa sa pamahalaan.

## C. Bible story: **Ang Sampung Utos (Exodus 3:4-9, 20:1-22)**

Nagpatuloy sila Moses at ang mga Israelita sa paglalakbay sa ilang patungo sa lupang pangako.

Narating nila ang Mt. Sinai. Dito sa bundok na ito ay ibinigay ng Diyos kay Moses ang Sampung utos.

Ang mga sumusunod ang sampung utos ng Diyos:

1. Huwag magkakaroon ng ibang Diyos maliban sa Akin.
2. Huwag kayong maglilingkod o yuyukod sa alinmang diyos-diyosan.
3. Huwag ninyong babanggitin ang pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan.
4. Italaga ninyo sa Akin ang Araw ng Pamamahinga.
5. Igalang ninyo ang inyong ama at ina.
6. Huwag kayong papatay.
7. Huwag kayong mangangalunya.
8. Huwag kayong magnanakaw.
9. Huwag kayong sasaksi sa hindi katotohanan laban sa inyong kapwa.
10. Huwag ninyong pagiimbutan ang sambahayan ng inyong kapwa: ang kanyang asawa, mga alila o kanyang pag-aari.

Ang pagsunod ng mga Israelita sa sampung utos ay tanda ng pagmamahal nila sa Diyos at sa kanilang bayan. Kung susundin nila ang mga utos na ito, magkakaroon sila ng maayos at matahimik na pakikitungo sa bawat isa.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

**Recycle**



Sabado na naman kaya masaya ang magkapatid na Paul at Hanah. Para sa kanila, ito ay araw ng paglalaro.

*Hanah:* Kuya Paul, maglaro na tayo sa labas.

*Paul:* Sige, halika na at magpaalam tayo kay Ate Sarah.

Narinig sila ni ate Sarah, kaya tinawag niya ang dalawang nakababatang kapatid.

*Sarah:* Oooopss, teka muna. Bago kayo maglaro, itapon niyo muna ang mga basura natin.

Sumunod naman sina Hanah sa iniutos ni Ate Sarah.

#### F. Gabay ng Buhay.

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyan diin na ang mga nagmamahal sa Diyos ay susunod sa Kanyang mga utos.
- Ang taos-pusong pagsunod sa Diyos ay mabuti sapagkat ito ay nakapagbibigay kasiyahan sa Kanya.
- Ang mga taong sumusunod sa utos ng Diyos ay gumagawa ng tama. Tama sapagkat sumusunod sila sa kalooban ng Diyos.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Bigyang diin na ang pagbubuklod (segregation) ng basura ay isa sa mga batas (Republic Act 9003) na naipasa (noong taong 2000) at ipinapatupad sa ating bansa. Kaya ito ay dapat nating sundin upang mapanatili ang kaayusan sa ating kapaligiran.
- Bigyang diin na ang pagsunod sa mga batas na ipinapa-tupad ay mabuti at tama.

#### H. Preventive Health Care

Tayo ay nilikha ng Diyos. Isa sa mga paraan na mabibigyang kasiyahan natin ang Diyos ay ang pangangalaga ng panga-ngatawan na kanyang pinagkaloob.

Pagpapalakas ng Immune System

- Kahalagahan – upang lumakas ang katawan na labanan ang anumang sakit o kaya'y hindi basta-basta agad mahawa sa iba.
  1. Kumain ng sapat at masustansyang pagkain upang manatiling malusog at masigla.
  2. Kumain ng maraming prutas at gulay.
  3. Uminom ng maraming tubig at fruit juice.
  4. Mag-ehersisyo ng regular.
  5. Magkaroon ng sapat na oras sa pagtulog at pahinga.
  6. Panatiliing malinis ang katawan at ang paligid upang makaiwas sa anumang sakit o pagkakasakit.
  7. Magkaroon ng mga nararapat na bakuna.

#### I. Homework. Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Titus 3:1 – Paalalahanan mo silang pasakop sa mga pinuno at mga may kapangyarihan, sundin ang mga ito at maging handa sa paggawa ng mabuti.

### **Aralin 18 Ang Kalikasan ay Nilikha ng Diyos**

Totoo: Buong puso kitang pupurihin Panginoon; ibabalita ko ang lahat ng Iyong kahanga-hangang gawa. Reference: Psalm 9:1

Mabuti: Pangalagaan ang sarili, mga hayop at ang kalikasan.

Tama: Sundin ang mga batas na patungkol sa pangangalaga ng kalikasan, ng mga hayop at ng mga tao.

B. Motivation. Magpakita ng larawan ng mga bagay na gawa ng Diyos at ng gawa ng tao, tanungin ang mga bata kung ano ang pinagkaiba nito at kung paano malalaman kung ang isang bagay ay gawa ng Diyos o gawa ng tao.

C. Bible story: **Ang Nilikha ng Diyos (Genesis 1)**

Noong pasimula, ang mundo ay walang laman at walang anyo. Ibinukod ng Diyos ang dilim sa liwanag. Ihiniwalay Niya ang tubig sa ibaba ng langit upang lumitaw ang tuyong lupa. Ito ang karagatan at ang lupa.

Sa ikatlong araw, sinabi ng Diyos, *ang lupa ay sibulan ng mga halamang nagbubunga ng butil at mga punongkahoy na may buto ang kanyang bunga ayon sa kanya-kanyang uri.*

Sa ikalimang araw ay nilikha ng Diyos ang mga ibong lumi-lipad sa himpapawid at lahat ng uri ng malalaki at maliliit na isda at mga hayop na nabubuhay sa dagat.

Ang lahat ng Kanyang nilikha ay nagbigay kasiyahan sa Kanya.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

**Magandang Tanawin**

Isang hapon, nadatnan ni Robert ang kanyang kapatid na si Rea na gumagawa ng kanyang assignment, nakasimangot.

*Robert:* Rea, bakit ganyan ang mukha mo?

*Rea:* Ang hirap mag-isip ng magagandang tanawin kuya.

*Robert:* Maraming magagandang tanawin dito sa Pilipinas.

Nariyan ang Corregidor sa Bataan, Taal Volcano sa Batangas, Mayon Volcano sa Bicol, mga tarsier sa Bohol at marami pang iba.

*Rea:* Bakit mo naman nasabi na maganda ang mga lugar na yan?

*Robert:* Siyempre, dahil parte iyan ng kalikasan na ginawa ng Diyos.

*Rea:* Tama ka, sana balang araw makita ko rin ang mga lugar na yan. Salamat kuya.

F. Gabay ng Buhay.

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na ang Diyos ang ating Manlilikha, Siya ang gumawa ng mga bagay sa pamamagitan lang ng Kanyang salita. Ang Diyos ay gumawa ng modelo (ang hardin ng eden) upang ito ang gayahin ng tao. Ipinagkatiwala ng Diyos sa tao ang pamamahala sa kalikasan kaya ito'y dapat na pangalagaan.

G. Mabuting Mamamayan

- Ituro sa mga bata na dapat nilang pahalagahan at alagaan ang ating kalikasan dahil ito ay nilikha ng Diyos.

**Aralin 19 Ang Kalikasang Maayos at Maganda**

Totoo: Subalit gawin ninyo ang lahat ng bagay na may kaayusan at sa angkop na paraan.

Reference: 1 Corinthians 14:40

Mabuti: Pangangalaga ng kapaligiran sa wastong paraan.

Tama: Magtanim ng mga puno at halaman.

B. Motivation. Magpaawit: Ang mga ibon na lumilipad

C. Bible story: **Purihin ang Diyos (Awit 104:12, 13a, 14, 16a, 17a, 24 & 25)**

Ang mga ibon sa himpapawid ay nagpupugad

Sa tabi ng mga tubig;

Umaawit sila sa mga sanga ng kahoy.

Kaydami ng Iyong ginawa, Panginoon!

Sa iyong karunungan ay ginawa Mo ang lahat.

Ang daigdig ay puno ng mga nilikha Mo.

Nariyan ang dagat, maluwang at malawak,

Punong-puno ng mga nilikhang hindi mabibilang

Mga bagay na nabubuhay, malaki't maliit.

D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

E. Familiar Story

### ***Ang Patimpalak***

Ang mga estudyante sa grades 4, 5 at 6 ng Barangay Laging Handa Elementary School ay kasama sa patimpalak ng pagtatanim sa kanilang paaralan. Pipiliin nina Principal Priscilla Santos at Barangay Captain Daniel ang pinakamaa-yos, mabunga at magandang lote sa araw na iyon.

*Capt. Daniel:* Napakagandang paligsahan ang naisip niyong ito Ma'am Priscilla.

*Mrs. Santos:* Ito'y isang paraan upang mapakinabangan ang oras ng ating mga kabataan.

*Mrs Santos:* Hindi lang iyon. Mga bata, anong natutuhan niyo dito sa inyong proyekto?

*Abigail:* Natutuhan ko po na kung tayo ay magtatanim, mayroon tayong kakainin.

*Jonathan:* Ako po Kapitan, natutuhan ko na kailangan din pala na may kaayusan kung nagtatanim.

*Manny:* Ako po, yayayain ko ang mga kalaro ko sa amin na magtanim na din.

*Mrs. Santos:* Tama iyan mga bata. Maging mabuting halimbawa kayo sa inyong mga kaibigan.

*Capt. Daniel:* At dahil magaganda at maaayos ang lahat ng mga loteng nakita ko, panalo kayong lahat sa akin.

Naghiyawan sa tuwa ang lahat ng mag-aaral.

F. Gabay ng Buhay.

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na ang nilikha ng Diyos ay maayos at ma-ganda. Kasama sa paglilingkod sa Diyos ang pangangalaga sa Kalikasan. Kung paanong pinangangalagaan ng Diyos ang Kaniyang nilikha, gayon din ang dapat gawin ng tao.

G. Mabuting Mamamayan

- Ituro sa mga bata na dapat nilang pahalagahan ang ating kalikasan dahil ito ay nilikha ng Diyos. At tayo ay makakapagbibigay kasiyahan sa Diyos kung aalagaan natin ang kalikasan dahil ito ay mabuti.

#### H. Preventive Health Care: Pagpapanatiling Maayos at Malinis sa Tahanan at Kapaligiran

- Kahalagahan - Upang magkaroon ng kaayusan sa loob ng tahanan at maiwasan ang pagkakasakit dulot ng maruming kapaligiran.
- Pamamaraan:
  1. Pagbangon pa lamang sa umaga ay ayusin na ang hinigaan.
  2. Magwalis sa loob at labas ng bahay.
  3. Paghiwalayin ang basurang nabubulok at di nabubulok.
  4. Walisin ang mga lugar na tinitigilan ng tubig upang ma-iwasang pamahayan ng mga lamok at insekto.
  5. Punasan ang lahat ng mga kasangkapan na naaali-kabukan.

#### I. Homework. Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Psalm 9:1 - *Buong puso kitang pupurihin Panginoon; ipamamalita ko ang lahat ng iyong kahangang-gawang gawa.*

### **Aralin 20 Ang Epekto ng Kasalanan sa Kalikasan**

Totoo: Ang mga salita Mo'y itinago ko sa aking puso, upang hindi ako magkasala laban sa iyo.

Reference: Psalm 119:11

Mabuti: Pagsasabuhay ng salita ng Diyos upang malwasan ang bagay na makapagdudulot ng perwisyo sa iyong kapwa.

Tama: Itapon ang basura sa tamang tapunan, maglabas lamang ng basura kapag nandiyan na ang truck na kukuha nito.

#### B. Motivation

- Hatiin ang mga estudyante sa tatlo o apat na grupo (depende sa dami ng estudyante). Pag-isipin ang mga estudyante ng sitwasyon na nagpapakita ng epekto ng kasalanan sa kalikasan. Ipakita ito sa pamamagitan ng pagsasadula.

#### C. Bible story: **Ang epekto ng Kasalanan (Genesis 6:1-13, 17-24)**

Dumami na ang tao sa mundo. Nakita ng Panginoon ang labis na kasamaan ng tao sa daigdig. Ang bawat hilig ng puso ng tao ay kasamaan sa lahat ng panahon. Ang Diyos ay labis na nagdalamhati sa nilalang Niyang tao at ang Kanyang puso ay napuno ng kalungkutan.

Sinabi ng Diyos na wawasakin Niya ang sangkatauhang nilalang Niya, mga hayop na gumagalaw sa lupa at mga ibon sa himpapawid. Magpapadala ako ng malaking baha sa buong daigdig upang wasakin ang lahat ng may buhay sa ilalim ng kalangitan.

Pati ang kalikasan ay naapektuhan dahil sa matinding kasamaan ng tao.

#### D. Activity time. Sagutin ang Activity sa workbook.

1. Sa bahaging ito ay bigyang diin na ang maling gawain ay mayroon masamang resulta.
2. Katulad din ng kasalanan, kapag ang tao ay gumawa ng kasalanan, ito ay may masamang resulta (consequence)
3. Ang kasalanan ng tao ay may epekto sa lahat ng aspeto ng kanyang buhay. Katulad ng pagtatapon ng basura kung saan-saan, hindi lang yung nagtapon ang naapektuhan, kundi lahat ay maaapektuhan.

4. Subalit laging may pag-asa. Ito ay sa pamamagitan ng paghingi ng kapatawaran sa Diyos sa lahat ng mga maling nagagawa. Bagama't may pagpapatawad, kinakailangan pa ring harapin ang epekto nito. (Magbigay ng mga halimbawa)

#### E. Familiar Story

##### ***Basurahan Ba Iyan?***

Habang nag-uusap sina Jojo, Mario at Dessa sa tapat ng ilog, nakita nila si Divina na papalapit sa kanila at hirap na hirap sa paghila ng sako.

*Jojo:* O Divina, ano ba 'yang laman ng sako mo at saan mo 'yan dadalhin?

*Divina:* Mga basura namin. Hindi nailabas kahapon nang dumaan ang truck ng basura. Mabaho na!

*Dessa:* Saan mo itatapon yan?

*Divina:* Eh di sa ilog! San pa?

*Jojo:* Ano?! Huwag mo dito sa ilog itapon yan. Ipinagbabawal ni kapitan ang pagtatapon ng basura sa ilog. Mapeperwisyo tayong lahat.

*Divina:* Huwag kayong mag-alala. Maaanod din iyan pag umulan.

Hindi napigilan ng magkakaibigan ang sumunod na pang- yayari. Ihinagis din ni Divina ang sako ng basura sa ilog.

*Mario:* May mga taong matitigas talaga ang ulo. Halina kayo at humingi tayo ng tulong kay Kap.

#### F. Gabay ng buhay.

- Muling balikan ang kuwento.

Bigyang diin na ang kasalanan ng tao ay nagdudulot ng masamang bunga sa ating kalikasan. Ang kasalanan ay hindi mabuti sapagkat hindi ito nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Sabihin sa mga bata na ang pagiging responsable ay kinalulugdan ng Diyos kaya dapat nilang tuparin ang lahat ng kanilang responsibilidad.
- Sabihin sa mga mag-aaral na ang responsibilidad nilang suportahan ang mga gawain at proyektong pangkalinisan sa kanilang barangay.